



Pinatatag ng Espiritu Santo



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 1:1-11)

Kuwento ni Lucas tungkol sa mga gawa ni Hesus hanggang sa kanyang pag-akyat sa langit

¹MAHAL na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Hesus buhat sa pasimula ²hanggang sa araw na siya’y umakyat sa langit. ³Bago siya umakyat, tinagubilinan niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang mga apostol na kanyang hinirang. Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon, napatunayang siya’y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos.

Ang Utos ni Hesus na antayin ang Banal

na Espiritu.

⁴At samantalang siya’y kasama-sama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: “Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. ⁵Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo.”

⁶Kaya’t nang magkasama-sama si Hesus at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, “Panginoon, itatatag na ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?” ⁷Sumagot siya, “Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. ⁸Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo

ng daigdig.”

Isinilarawan ni Lucas ang Pag-akyat ni Hesus sa Langit, ang Pagtitig sa Langit at ang Mensahe ng Anghel

⁹Pagkasabi nito, siya’y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap.

¹⁰Habang sila’y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. ¹¹“Mga taga-Galilea,” sabi nila, “Bakit kayo narito’t nakatingala sa langit? Itong si Hesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya.”

Tema: Pag-akyat ni Hesus sa langit.

PAGPAPALIWANAG

- Sa bb. 1-3, nagbalik tanaw si Lucas, ang manunulat, tungkol sa buhay ni Hesus doon sa unang libro niya, ang Ebanghelyo.
- Muli, sumulat si Lucas sa mismong tao, si Teofilo (hindi ordinaryong taga lansangan kundi isang may kaalaman, edukado at marunong magpalaganap nito sa iba pang mga pamayanan.)
- Ipinakita ni Lucas si Hesus na nagbibigay ng kanyang mga huling utos.
- Sa bb. 4-8, ibinabahagi ni Hesus ang tungkol sa Banal na Espiritu: isang pangako ng Ama; bibinyagan sila sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, magkakaroon sila ng kapangyarihan at misyon na magpapatotoo sa lahat ng dako ng mundo at hindi lamang sa Palestina.
- Sa bb 9-11, makikita si Hesus na inaakyat na sa langit. Samantalang tumitingala ang mga apostoles sa langit, dalawang tao (na pinaniniwalaang mga anghel) ay nagpakita at ibinunyag sa kanila kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Darating nang muli ang Hesus.

PAGNINILAY

Ang simbahan ngayon dito sa mundo ay kailangang maghintay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu; nang natanggap ng mga apostoles ang kaloob na Espiritu Santo, kailangan nilang magbigay ng patotoo sa buong mundo. Ito ay mga taga baryo at tinawang na maging, international, global! Ipapakilala nila si Hesus sa buong lupalop ng mundo.

SALMONG TUGUNAN (Slm 46)

HABANG UMAAKYAT ANG D’YOS, ANG TAMBUL’Y TUMUTUNOG.

IKALAWANG PAGBASA (Ef 1;17-23)

¹⁷Hinihiling ko sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. ¹⁸Nawa’y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito’y ang kaluwalhatian inilaan niya sa kanyang mga hinirang, ¹⁹at ang walang hanggang kapangyarihan niya sa atin na mga nananalig sa kanya. ²⁰Ang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Kristo at nagluklok sa kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. ²¹Kaya’t nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. ²²Ipinailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng bagay, ²³at siya ang ginawang ulo ng Simbahan. Ito ang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuspos sa lahat-lahat.

Tema: Ang Kaloob ng Espiritu Santo

PAGPAPALIWANAG

- Mga tumutukoy sa kanyang pag-akyat: bb. 20 at 22. Isinasalarawan nila si Hesus na umakyat na sa langit.
- Sa Pagbasa, katulad ng Unang Pagbasa ay nabanggit din ang Banal na Espiritu: ito ang espiritu ng karunungan at tunay na pagkilala sa kanya(=Banal na Espiritu) at salungat ito sa espiritu ng mga pagano na bumabalot sa mga taga Efeso (Paniniwala bago ang Kristiyanismo, mga elemento ng Gnosis).
- Ipinapanalangin ng may-akda na ang Diyos ay magbibigay sa mga mananampalataya ng mismong Espiritu na magbibigay kanila ng maraming mga benepesyo: pag-asa, kayamanan, kadakilaan.
- Si Hesus ang pinakadakilang makapangyarihan, Panginoon ng lahat.

PAGNINILAY

Pinupuno ng Diyos ang kanyang bayan sa anumang kanilang pagkukulang gaya ng pamumuno ni Kristo na kanyang Anak. Si Kristo na umakyat sa langit ay nanatiling makapangyarihan sa lahat dito sa mundo.

MABUTING BALITA (Mc 16:15-20)

Misyon: Isinugo

¹⁵NOONG panahong iyon: Napakita si Hesus sa Labing-isa at sinabi sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita. ¹⁶Ang sumampalataya at mabinyagan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan. ¹⁷Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko’y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika; ¹⁸sila’y hindi maaano dumampot man ng ahas o uminom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay.”

Pag-akyat sa Langit

¹⁹Pagkatapos magsalita sa kanila, ang Panginoong Hesus ay iniakyat sa langit, at lumuklok sa kanan ng Diyos.

Misyon: Aksyon

²⁰Humayo nga ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatotohanan niya ang Salitang kanilang ipinangangaral sa pamamagitan ng kapangyarihang gumawa ng himala, na ipinagkaloob niya sa kanila.

Tema: Iniutos ni Hesus sa kanyang mga apostoles na ipalaganap ang Mabuting Balita ng kaligtasan

PAGPAPALIWANAG

Mula ngayon, ang Muling Pagkabuhay na ang puno’t dulo ng ating mga pangangaral at mga gawain.

PAGNINILAY

Upang maging tapat sa kanilang pangalan, kailangan silang isusugo (apostolein= ay nangangahulugang: isinugo).

II. PAG-UUGNAY

Bago umakyat sa langit si Hesus, sinabi niya sa kanyang mga apostoles na hintayin ang Banal na Espiritu at gawin ang kanilang misyon (*Unang Pagbasa*).

Si Hesus ay nasa kaharian ng Diyos, at may kapangyarihan sa lahat, Ang nangyari kay Hesus ay mangyayari din sa atin (*Ikalawang Pagbasa*).

Bago, umakyat sa langit, inutusan ni Hesus ang mga apostoles na ipalaganap ang mabuting balita, magbinyag, atbp. Sumunod ang mga apostoles (*Mabuting Balita*).

(*Pangwakas na Panalangin*)

You're Invited!




A RECOLLECTION
with Fr. Michael E. Gaitley, MIC
(author of 33 Days to Morning Glory)

**Consecration: A Response to
 God's Mercy**

July 14, 2018, Saturday
 1:00 PM — 5:00 PM

The Chapel of Eucharistic Lord,
 SM Megamall

Free Registration
 Tel.: (02) 895-9701 loc 608 / (02) 895-3716/
 (02) 890-7130 / CP 09322029295 look for Ms. Mary Joyce Chamorro



MGA BAGONG LIBRO SA ST PAULS

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
 7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
 Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.

Luwalhati...

(mula sa Prayers of the Pauline Family)